

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 22, 1995, 9:25 NG UMAGA SA BULWAGANG PUTUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos		
Kagawad Crisencio S. Calma		
Kagawad Ferdinand V. Talete		
Kagawad Bernabe S. Mortel		
Kagawad Ramulfo G. Bernal		
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	-	SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Coana T. Mores, Jr.

KAPASYAHAN NO. 26
Taong 1995


KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KOD. REGIONAL DIRECTOR, BUREAU OF FIRE PROTECTION, REGIONAL OFFICE 4, NG MADALIANG PAGPAPALABAS NG FONDO PARA SA PAGSASAAAYOS NG TRAK NA PAMATAY-SUNOG NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng mga mamamayan ay isa sa mga tungkulin at gawain ng mga namumuno ng pamahalaan at ng mga ahensyang itinalaga sa gawing ito sa pakikipagbulungan na rin ng sambayanan;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nabiyayaan ng isang trak na pamatay-sunog upang maging malaking katulungan sa oras ng pangangailangan;

SAPAGKA'T, sa ilang pagkakataon ng sunog ang masabing firetruck ay hindi gano at kagad-agad na nakagumpas sa gawain dahil sa ilang kasiraan at di-kayusan ng mga kagamitan nito;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas na nakasaksi sa mga pagkakataong ganito ay nakipag-ugnayan sa tanggapan ng Bureau of Fire Protection sa bayang ito upang makapag-abot ng suporta para na rin sa kapakanan ng mga mamamayan ng Roxas;



SAPAGKA'T, napag-alamang ang nasabing tanggapang lokal ng Bureau of Fire Protection ay nakapagpadala na ng kahilingan sa punong tanggapan nito sa Bureau of Fire Protection Regional Office 4 upang mabigyan ng kaukulang pondo o di kaya'y mapadalhan ng mga binanggit na kagamitang kinakailangan;

SAPAGKA'T, napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ito na pasundan ang kahilingang ito ng tanggapan ng Bureau of Fire Protection ng Roxas at mapitagang hilingin sa Bureau of Fire Protection Regional Office 4 na sam'ty mabigyan ng kaukulang pansin at ng aksyon ang pakiusap na ito.

DAHIL DIETO, sa mungkahi ni Kagawaed Ramulfo C. Bernal na sirang-syuman ng lahat -

IPINASIYA, tula ng pagpapasyang ito na hilingin sa Ekg. na Direktor, Bureau of Fire Protection Regional Office 4 ang madaliang pagpapalabas ng pondo para sa pagpasaayos ng truk na pamatay-sunog ng Roxas, Silangang Mindoro, para na rin sa kapakinabangan at kapayapaan ng mga mamamayan ng Roxas.


IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Ekg. na Direktor, Bureau of Fire Protection Regional Office 4, Barangay Real, Calamba, Laguna para sa kanilang maagap na pagtugon sa kahilingang ito.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Bureau of Fire Protection Office, Provincial Office, Calapan, Silangang Mindoro at ang Bureau of Fire Protection, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

Adopted: 22 Mayo 1995

CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. PUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:

EDITHA C. ENOMITA
Punong Bayan